# ANG KWENTO KO, PERPORMANS NG MGA MAG AARAL KO





LIEZL A. CONDE — Teacher III
ELIZABETH A. SANGKATE — Teacher I
JASMIN GARCIA – ONOL — Teacher I

Our Lady of Lourdes Elementary School

## ABSTRAK

Ang Pandemya ay lubhang nag pabago sa sistema ng edukasyon,halos lahat ay nabigla sa napakadaming pag babagong ito, hindi lang ang mga edukador, kundi pati mga magulang at mag- aaral, ngunit hindi tayo maaring hadlangan ng nakaka mamatay ng COVID 19,kailangan nating ipagpatuloy ay tamang edukasyon para sa ating mag aaral,Ang pananaliksik na ito ay naglayong magbigay ng estratehiya na aangkop sa ating makabangong sistema, upang mabigyan ng tamang katwiran ang pagbibigya ng tamang grado para sa performance task ng 84 mag aaral sa ikalawang baitang, Ang pagkuha ng datus ay sa pamamagitan ng sarbey "survey form". Ginamit ang kwalitatibong paraan ng panaliksik "Qualitatitive Approach" upang maanalisa at masiyasat nag mga datus.Ito ay naglayong sukatin ang kakayahan ng mga bata sa pagbasa at talas ng pang unawa at kakayahang ikawing sa sa ibat't ibang asignatura.
l

**Keywords:**

Kontekstwalisasyon,lokalisasyon, huwarang panukat, rubrik,MELC

## PANIMULA

New Normal "ANG KWENTO KO,PERFORMANCE NG MGA MAG AARAL ko ay isang isang midyum na gagamitin para karagdagan kagamitan pansukat ng kakayahan sa pagbasa at pang unawa para sa pagkatuto ng mga mag aaral sa Grade 2 ng OUR LADY OF LOURDES ELEMENTARY SCHOOL, DISTRICT 10, BINAN CITY DIVISION sa panahon ng new normal.Ngayong panahon ng pamdemik sa ating mabagong sistema ng edukasyon,napakaraming mga balakid na maaring maging hadlang o harang para sa tuloy tuloy na pagkatoto ng ating mga mag aaral.Maraming nagbago sa sistema at polisiya na ini implementa ng lahat ng sagay ng ating gobyerno, lalo nasa edukasyon, kung saan laging isina sa alang- alang ang kalusugan at buhay hindi lang mga guro kundi na rin nag mga mag aral habang sila ay natuto sa kani kanilang mga tahanan sa ating modular na mekanismo. Malalim na ne ribisa at hinimay himay ang lahat ng mga bagay bagay upang maipatupagd parin ang nasaad sa "Governace of Education act 2001" na naglalayong ma protektahan at maitaguyod ang Karapatan sa lahat ng mga mamayan na magkaroon ng dekalidad na edukasyon sa ating Basic Education upang lahat ay magtamasa ng libreng pag aaral. At mas pinalawig pa ng "Walang Batang maiiwan sa Laylayan o No CHILD LEFT BEHIND ACT 2001" na naglalayong mabigyan ng sapat na atension ang mga mag aaral batay sa kani -kanilng pangangailangan at mabigyan ang mga magulang ng ano mang tulong at suporta, halaga man, teknolohiya, eskolarship, o ano mang tulong para maipag patuloy ang pag aaral ng mga batang Pilipino ,ngayon napaka laking ang ginagampanan ng batas na ito upang magkaroon ng pantay pantay na karaapatan ang lahat ng mag aaral na Pilipino na makapag aral. Paano nga ang mga saligang batas na ito maiipatupad sa ating kasalukuyang kinakaharap na daigdigang pandemya, na sa mabilis na panahon ay nagkaron ng daglian pagbabago hindi lang sa ekonomiya kundi sa laranagn ng edukasyon kaya ang mga dalaubhasa ay nanaliksik, nilitis , masusing sininop at pinag aralan ang mga programa at ordinansa na ipapatupad at inamyendahan ng mga tagapag batas at sa panahong ito ay isinilang ang ating "DepEd Order No. 31, s. 2020 ,the Interim Guidelines for Assessment and Grading in light of the Basic Education Learning Continuity Plan, na gigiya o nagbibigay gabay para masukat ang kaakayan ng mga mag aaral sa ating makabagong gradong iskema at sa pamamagitan maiksing kwento na magiging hulwarang panukat sa Performance task. Ang kwento na bahagi na ng ating kultura sa larangan ng panitikan na dalubhasa na sa paghasa sa talas ng pag iisip , lumilipad na imahinasyon at nabubuong simpatya ng mga mag aaral, na isa sa mabisang paraan at kagamitan para subukan ma aruk o matawag ang atensyon ng mambabasa at susubukang gamitin ng mag aaral sa ikalawang baitang.

## METEDOLOHIYA

Sa pananaliksik n ito ay gumamit ng Descriptive *Method* o qualitative methods na kung saan kumuha ng datus sa pamamagitan ng isang sarbey, at obserbasyon, nagkaroon ng pagtatala, pag aanalisa at pagbibigay kahulugan sa mg datus na nakalap. Ang pangunahing layunin ng pag aral at pananaliksik na ito ay upang masukat kung gaano ka epektibo ang paggamit ng maiksing likhang kwento na may kontekstwalisasyon at lokalisasyon na magamit na medyum at hulwaran sa pagkuha ng grado performans task at mag silbing basehan sa mga susunod na taon ng pasukan.

- *Idea:* Gawing hulwarang panukat para makuha ang permance task Ang "Tatay ako ng aking Ama" Maiksing likhang kwento na may kontekstwalisasyon at lokalisasyon.
- *Problem:* Masukat ang Performance task sa pamamagitan ng mga katanungan na ikakawaing, I ko konekta at ipapasok sa halos lahat ng asignatura sa ikalwang baitang bilang spring bord sa pagkuha ng marka.
- *Procedure/system:*
    1. Paglikha ng maiksing kwento na may lokalisasyon at kontekstwalisasyon.
    2. Pag pi print o pag papadami upang ibahagi sa 84 na mag aaral
    3. Paggawa ng rubrics (gawing basehan ang Deped Order 31, series 2020
    4. I tsek ang output ng mag mag ararl
    5. Lagyan ng marka
    6. Magkakaroon din biglaang bisita sa tahan upang magpabasa ang 3 tagapayo kung papahintulan ng kinauukulan.

Ang resulta ng pagsusulit sa lahat ng asignatura ay isa at isang isa itinala ng mga guro ng mga batang nasa ikadalawang baitang,at pinag sama sama bilang kabuuan.

**RESULTA**

Lubhang kasiya siya nag resukta ng sarbey na ito dahil sa magandang tugon at marka ng mga mag aaral.

Sa Edukasyon ng mga magulang, ang ama ng tahanan ay malaki ang bahagdan sa nakapag tapos ng sekondarya na may 56. 4 % o 44 mula sa 78 na tumugon, pinangalawahan ito ng nakatapos ng kolohiyo na may 20.5 % o kabuuang bilang na 14, 2 sa kanila ay nakapag kolohiyo ngunit hindi nakatapos, 6 sa kanila ay hindi nakatapos ng sekondarya, 4 sa kanila ay nakatapos lamang elementarya at 8 ang hindi nakapag tapos.

Ayon kay Ginang Sendie De Asis Ilao, guidance coordinator ng Mababang Paaralan ng Our Lady of Lourdes, malaki ang pagkakaiba ng ang mga magulang ay naka pag tapos sa kolohiyo, mas madali makipag ugnayan mas kokonti ang mga katanungan dahil maliwanag na at na iintindihan ang mga instraksyon ng guro, mas madali nag pasilitasyon ng pag tuturo, dahil hind nga naman natin kontrolado ang mga bagay bagay, kayo tayong mga guro ang gagawa nun para ma abot natin ang mga panganagilang iyon.

Sa 78 ilaw na tahanan na tumugon sa sarbey malaking bahagdan sa kanila ay nakapag tapos ng sekondarya na may 56.4% o kabuuang bilang na 45, kasunod ay ang nakapag tapos ng kolohiyo na may 21.8 % o 17,2 sa kanila ay nakapag tapos ng elementarya, 3 sa kanila ay hindi nakapagtapos, 7 o 9% sa kanila ay hindi nakapag tapos ng sekondarya, 4 ay hindi nakapag tapos ng kolohiyo at may sa sa kanilang ang nakapag tapos ng bokasyunal.

Sa hindi inaasahang resulta, parehas ang naging bunga ng datus dito, may 82% o kabuuang bilang na 63 na nanay at tatay na hindi nakapag tapos sa kolohiyo, 11.5% o 8 ay nakapag tapos ngunit ang kurso ay walang kinalaman sa matikamatika at wika at 7 karagdagan napaka liit na bahagdan ang sa nakapag tapos ng kurso na may may kinalaman sa wika at matematika.

Ang ama ng tahanan ay na abala sa trabaho sa araw araw ay may 80.8 % bahagdan o 64 na kabuuang bilang, 12 % o 10 sa kanila ay walang trabaho dahil sa pandemik,isa kanila ay kaswal o walag permanenteng trabaho, 1 sa kanila ay OFW, 1 sa kanila ay 1-4 na araw lang ang trabaho sa isang lingo,at 2 sa kanila ay may trabaho ngunit 1-5 ana araw lang sa bawat isang lingo.

Ang Ina ng ating tahanan na punong abala sa gawaing bahay, sa pagtuturo sa mga anak at pag hahanap buhay ay may 50% o abala sa bawat araw sa isang lingo, na may kabuuang bilang na 39, 33% o 26 na bahagdan sa kanila ay walang trabaho, nasa bahay lang upang gampanan ang responsibilidad sa mga anak, may 4 sa kanila ay OFW, 2 sa kanila ay may online business, 3 sa kanila at may 1-5 araw na trabaho at 4 sa kanila ay may 1-4 araw na trabaho.

Ang ilaw ng tahanan ang pinaka maraming porsyento na sila ang gumagampan sa pagtuturo sa kanilang mga anak na may 76.9% o 60 kabuuang bilang na 9 % o 7 na kabuuang bilang naman na ang tatay ang nagtuturo sa kanilang mga anak , 2 sa ate at kuya ,5 lola o lolo, 1 sa tutor, at 4 sa gardyan, maaring ito ay sa tiyahin, kapit bahat at kaibigan ng mga magulang.

Ayon kay Ginang Rowena Dela Cruz, isa mga magulang ng mag aaral sa ng batang nasa ikalawang baiting ng Mababang Paaralan ng Our Lady of Lourdes, "ibang iba ang hipo ng nanay, ibang iba ang pamamaraan," (motherly approach) ng nanay kasya sa tatay,mas mahaba anga pasensya ng nanay kaysa sa tatay,mas matiyaga na magturo ang nanay kaysa sa tatay"

Ngayon pandemic napaka halaga ng ang nag tuturo ay nakatutok ang panahon at oras sa mga anak, lalo na kung may higit sa isang anak, base sa resulta ng datus dito, pinaka malaking bahagdan na pinagkaka abalahan ng mga magulang ay ang trabaho,tulad ng naunang datus na maraming bilang sa nanay at tatay ang nag ta trabaho sa loob ng 7 araw sa bawat lingo na may 55.1% o kabuuang bilang na 43 at 39.7% o 31 naman ang trabahong bahay, kasabay ng kanilang ibang raket para sa pamilya,may maliit bahagdan sa kanila ay nag may online business at napaka liit na porsyento sa kanila ay abala sap ag ti tiktok at social media.

Ayon kay Ginang Mary Ann M. Altiche, ng Mababang Paaralan ng Our Lady of Lourdes "Bilang guro,kailangang ipagpatuloy ang edukasyon kahit may pandemya dahil isa itong epektibong paraan upang maiparamdam sa mga bata na hindi sila nakakalimutan ng lipunan. Iba-iba man ang mga karanasan nila sa loob ng kani-kanilang bahay, alam kong marami ang nami-miss na ang paaralan at ang mga bagay na madalas nilang gawin kasama ang mga kaklase at mga guro.

Isa sa salik na nakakakapekto sa sa pag aaral ng mga mag aaraal ay ang mga magulang,malaki ang pagkakaiba sa pagganap ng mag aaral sa paaralan sa akademiko maging sa mga ibang kurikular na gawain noong mga nakaraang mga panahunan panuruan ang mga mag aaral na natutukan ng mga magulang, lalo na sa panahon ngayon kung saan ang mga magulang ang taga pagturo sa sa kanila dahil sa ating modyular na instraksyon, Sa datus na ito 43.6 o 34 sa mga magulang ay tatlo ang anak, pinaka malaking bahagdan, kasunod ay ang mmahigit sa apat na anak na may 17.9% katuld ng datus ng mga magulang na may 2 anak,na nagpapahiwati na ang mga magulang ay mayroong pag pa plano sa pamilya kasunod nito ay mayroong 13 na mga magulang ay may 5 o mahigit pang anak na may 16.7 %.at may 3 pang magulang na may iisa ang anak.

Ang kapaligiran ay isa sa mga salik na nakaka apekto sa bata,kung pano sila ihubog ng kanilang mga pamilya, kung paano sila i disiplina at maging responsableng bata at mamayan pagdating ng panahon , ang pamilya ang pundasyon , na kung saan dapat matibay at matatag, nguit pano na kung ang mga lahat ng binanggit sa itaas ay hindi nangyari dahil iba ang prayoridad ng magulang, o dahil wala talagang sia pamimilian dahil kailangan mabuhay ng buong pamilya,sa datus na ito malaki ang porsyento ng mga magulang na nag ta trabaho kasabay ng responsibilidad sa tahanan na may 97.4% o 76 sa kabuuang bilang,at 88.5% naman sa nag ta trabaho na may 88.5% na may 69 kabuuang bilang, kasunod nito ay ang napalaking agwat na pagbaba ng antas ng datus sa pantay na porsyento sa online business at social media.

Isa din sa salik na nagiging balakid sa pagtuturo ay mga magulang o kahit na sinong gardyan ay kung may dinaramdan , o may problema sa kalusugan ang nagtuturo , sa bahaging ito mayroong 91% o 71 sa mga magulang na malulusog na dapat nating ipag bunyi dahil kahit tayo ay nasasandlak sa pandemya, nanatili paring malulusog ang nakararami sa mga magulang, Mayroon naming 9 % 7 sa mga magulang o gardyan na may problemang pang kalusugan at isa sa dahilan kung bakit ang ilan sa mga mag mag aaral ay hindi nakaka pag sagot sa kanilang modyuls at hindi nakakapag pasa sa tamang oras, dagdag pa ang ilang mga responsibilidad sa pamilya.

Bilang magulang, malaki ang responsibility namin para maging maayos at magtagumpay sa pag-aaral ng aming mga anak," sambit ni Maria Corazon Balasa , ina ng isang mag-aaral sa mababang paaralan ng Our Lady of Lourdes" kami ang gagabay sa aming mga anak dahil limitado ang mga guro, kung kaya malaking pagkakataon sa aming mga magulang na ipakita ang boung pagmamahal at suporta sa aming mga anak.

Dito sa bahagi na ito, mayroon kalahating bahagi o 50% at kabuang bilang na 39 mula ang mga pamilyang may tatlong anak na nag aaral na, 24.4% o 19 na may 2 anak na nag aaral, may 12.8 % 10 dito ay may 4 na nag aaral at 11.5 o 9 dito ay may 4 anak na nag aaral at isang posyento para sa may 5 o mahigit pang anak na nag aaral.

Ayon kay Ginang Nema B. Ludovice, isa sa magulang ng batang nag aaral sa Mababang paaralan ng Our Lady of Lourdes. Napakirap sa panig ng magulang ang ating sistema ng edukasyon, nagsasama na,walang sapat na eduaksyon, walang sapat na gadyet,walan internet, walang sapat na espasyo sa tahanan, paano magtuturo sa mga anak sa kanitong senaryo? Napakahirap," para kong pinasakluban ng masamang tadhana, kahit pa sabihing modyular naman pero kailangan parin namang gumamit ng google dahil hindi ko naman maituro kung ano ang gagawin, isa pa, hindi rin ako marunng gumamit ng cellphone, paano na ang buhay, pano na ang edukasyon?"

Ang batang may may "background knowledge" o schema ay malaking bentahe at ito ay kitang kita kung paano siya magsagot, kahit na sila at tipikal na bata na tulad na iba, madaling makita sa bata kung sila ba ay marunong na sa kanilang murang edad, dito sa datus na ito ay malaki ang bahagdan ng mga batang hindi nagkamit ng karangalan noong nasa unang baitang na may 82.1% 61 na kabuuang bilang samanatalang may 17.9 % 14 naman ang mga batang nagkamit ng karangalan o mga batang pinarangalan.

Ayon kina Ginang Dhes Bayangos at Clear Sasi et al, mga GPTA ng Mababang Paaralan ng Our Lady of Lourdes,"Napakalaking bagay na ang mga bata ay may study habit, na hinubog ng magulang dahil iyan ay magiging pamantayan na ng mga bata hangang sila ay mag kolohiyo, at pansinin natin ang mga batang mahihilig mag aaral ay sila talaga ang mataas ang grado, tanungin mo sila ng harapan masasagot nila ng maayos at may pag galang, malaking bagay ang may kaalaman na talaga nag mga mga mag aaral, ang mga batang mahilig magbasa, manood sa you tube na mg kapaki paki nabang na panuorinNgayong new normal isa sa mga nakakatulong sa mag aaral kahit na modyular na instraksyon ay ang pag kakaroon ng gadyet tulad ng cellphone at telebisyon at o desktop at internet koneksyon, hindi lang ito magagamit sa pang aaral para makakalap sila ng mga impormasyon na kailangan nila kundi pati narin sa pakikipag talastasan at komunikasyon sa kanilang guro.at may pinaka malaking bahagdan dito ang pagkakaroon ng cellphone na may 97.4% o 76 sa kabuuang bilang, pinangalawan ito ng pagkakaroon ng din ng cellphone bukod sa telebisyon na may 89.7 % o 70 na bilang,at biglang pagbagsak ng bahagdan na ang mga mag aaral ay may desktop o computer maliban sa telebisyon at cellphone na may 20.5% o 16 sa mga taga tugon sa

kanilang mga tahanan. Mayroon namang karagdagang kagamitan na may parehas na bahagdan ang pagkakaroon din ang ilan sa mga magulang na radyo at tablet na may 5.1 o maliit na balang na 4.

Ayon kay Bertillo (2011) sa kasaysayan ng edukasyon ay malaki ang naiambagng teknolohiya. Sa katunayan ito ay ito ay isa sa mga pangunahing paraan kung bakit nag pag aaral ay nagiging madali at mabisa kung kaya naman napakaraming mag aaral ang sumsasangguni sa teknolohiya para sa kanilang pag aaral.

Ang patuloy na pag-unlad ng makabagong teknolohiya ay may pakinabang para sa mga kabataan lalo na sa mga mag-aaral. Malaki ang naidudulotnito para sa pagpapadali ng pag-aaral at maging isang epektibong mamamayan at sa mgaestudyante (M. Underwood, 2009).

Posible nga ba para sa isang kabataan at mag-aaral ang buhay na walang *Computer, mobile phones.* (para sa pakikipag text), at iba pang makabagong gadyets? Ang kabataan at mag-aaral sa panahon ngayon ay may bagong uri ng pamumuhay gamit angmakabagong gadyets. Ang bagong henerasyon ng estudyante ngayon ay gusto ng pagbabago, Gaya ng pagbabago sa paraan ng pag-aaral nilasa panahon ngayon, mas gusto nila ang madali at komportable na walang anumang iniisipna problema. Para sa kanila ang pinaka magandang pagbabago ngayon ay angmakabagong teknolohiya at gadyets. (S. Kumar, S. Raghav, 2007)

Bukod sa mga salik na nabanggit sa lahat na datus at bahagdan ng mga posibleng maka apekto sa mabilis na pagkatuto ng mga mag aaral maliban sa kapaligiran mayron sila at sa mga pinagkaka abalahan ng mga magulang, kung ilan sila sa pamilaya at kung anoa ang natapos ng kanilang mga magulang, y ating silipin ang mismong gawi o ugali ng bata sa kanyang pag aaral, at lumabas sa datus dito ay may 92.3 % o kabuuang bilang dito ay sila ay mahilig mag drawing, pinagalawahan ito ng bukod sa pag pinta ay mahilig din silang manood ng mga edukasyunal na palabas sa telebisyon 91% o kabuuang bilang 71, magandang gawi na kung saan sa araw araw ng kanilang panood, madani sila makukuhang kaalaman" multiliterate" ilan dito ay nag wika, matimatika, kultura, syensya at iba pang aspeto sa buhay ng bawat bata, sinundan ito bukd sa mga nabanggit sa taas ay may gawi din sila na magbasa, na may 83.3% na may kabuuang bilang na 65,na sa kanilang murang edad malaking bilang sa kanila ang kakikitaan ng " study habit" na magiging sandata nila para makuha ang pinaka mataas na antas ng karunungan hanggang sa kanilang paglaki,a muling sinundan ito ng bukod sa mga nabanggit ay sila ay tipikal na bat ana nakikipaglaro sa kanilang mga kapatid at kapit bahay na mayroong 60.3% o kabuuang bilang na 47 mula sa 78 na tagatugon, bukod dito makikita din sa datus na ang mga mag aaral ay tumutulong na din sa gawaing bahay, lalo na ang medyo malaking pamilya na may 42% o 32 sa kanila. Ilan sa kanila ay mahilig maglaro ng cellphone na may 23.1% o 18 sa kanila isa sa siguradong balakid sa kanilang pagkatuto, at pinaka maliit na bahagdan na mahilig mag tiktok at mag youtube na may 17.9% o 14 sa kanila, naiipakita sa datus na ito na napaka daming maaring humadlang para matutkan ng mga mag aaral ang kanilang mga modyuls.

Ayon kay Ginang Jocelyn G. Casuple, myembro ng 4Ps, isa sa magulang sa sa Mababang Paaralan ng Lady of Lourdes, may 8 anak, 3 elementarya, 3 Junior high at 2 senior high school, may maliit na espasyo sa tahanan, nakatira sa isang lugar na dikit dikit, halos magkakaharap ang pintuan, ,maliit lang na eskinita ang pagitan, "nakakaraos naman po,nakasanayan na ang takbo ng aming buhay, at nakakatulong na po ang aking mga naka, sa pag tuturo sa aking mallit pang anak at nakakatulong sa paghahanap buhay, masasabi ko po na talagang, wag na tayong maghanap ng mga bagay na hindi natin kaya at sulipin at disiplinahin ang mga anak dahil kung kami lang pong mag asawa ay talagang mahirap, sa ngayon po ay di na ako nag ta trabaho, sa bahay lang ant nagabay sa kaing mga anak na maliit pa,pero kakaraos po kami, salamat po sa diyos at sa tulong ninyong mga guro."

Isa pa sa problema at hinaing ng mga magulang na ang kanilang mga anak ay ayaw mag aral mag isa, na mayroong 94.9% o 74 mula sa 78 na taga tugon dahil maaring sila ay na primarya pa lamang, kung titingan natin sa naunang datus tungkol sa gawi ng mga mag aaral na sinasabi na sila ay may ugaling palabasa na kung sisipatin ay kabaliktara naman sa bahaging ito, ngunit sa pag tatanong ng mananaliksik ay mas lumalim ang ideya na ayaw nila mag aral ng walang katabi na magulang o magtuturo sa kanila ang malaking bahagdan dito ngunit masipag sila magbasa o gumawa nng mga takdang gawain basta may " mama o nanay sa kanilang tabi, Isang gawi na kung saan napakalaking impluwensya.pinangalawahan ito ng halos magkadikit na bilang ng mga batang madaling mainip at mawala ang interest sa pag aral bukod sa yaw silang mag aral mag isa at ialn sa nakaka lungkot ngunit toto ay may 11.5 sa kanila ay hindi pa marunong bumasa,at ito naman ay sinusulusyunan ng mga tagapayo sa baitang na ito sa pamamagitan ng pag bibigay ng mga interbensyon at patuloy na pakikipag komunikasyon sa mga magulang.

Base sa resulta ng datus na ito, 40 % sa taga tugon ay naunawaan ang Performance task na may pamagat na "Tatay ako ng aking Ama" lubhang kasiya siya nilang nauanwaan ang binasa na may 97- 95 na bahagdan ng pagkaka unawa, sinundan ito ng 34.2% o kabuuang bilang na 26 na namumukod tangi na naunawaan nila ang boung estorya na may gradong 94-90 , pinangatluhan ng kasiya siya na may 13.2% o 10 at sinundan ng mas pinaliit na bahagdan ng medyo kasiya siya na may 89-85 na grado na may na may 9.2 % o 7 at pinaka maliit na bahagdan ang hindi nakamit ang nananais o 74 pababa. Ang pinag basehan sa bahaging ito ay tugon ng mga magulang, ngunit kung sisipatin natin ang resulta ng classifying grades sa ikalawang markahan.

Sa kabuuan, kasiya siyang nakakuha ang mga mag aaral ng magandang resulta ng pagsusulit gamit ang hulwarang sariling gawang maiksing kwento na may pinamagatang "Ang kwento ko, perpormans ng mga mag aaral ko na sumukat sa kayahan, pang unawa sa pag aanalisa at pagsagot sa pagsusulit ng may boung galing.

## PAGTALAKAY

Ang resulta ng sarbey ay nag patunay na hindi man papariho nag antas ng pamumuhay, lebel ng edukasyon, kapasidad ng nag tuturo, bilang ng myembro ng pamilya, kapasidad, uri ng hanapbuhay at oras ng iginugugul ng mga magulang sa paggabay sa kanilang mga anak ay hindi ito nangangahulugan ng makakabuong sa boung Sistema ng mag aara ng mga anak, naka depende ito kung paano ang bawat magulang nag bibigay ng oras at importansa sa mga bata kahit lalo na sa modular na paraan ng pagkatuto,naka pdepende kung paano ang bata sasagot, kung paano ng bata maiintindihan ang binasang maiksing kwento,ang kwento ng " Kwento ko, Performans ng mga mag aaral ko,isa sa mabilis na salik kung bakit nag karoon ng magandang resulta base sa resulta ng kanilang panulat na pagsusulit( Written Test o pen and pencil test) ay ang galling ng pagtuturo ng mga guro na hindi handling ang pandemick na kalagayan sa larangan ng edukasyon. May ang posiibong resulta ng pag susulit na mayroong batang 34 na bahagan o 26 na bata na bata nakuha ng namumukod tangi o perpektong sagot, lubhang kasisya siya na May 40.8 na bahagdan at 13.2 na bagahdan ang nakuha ng kasiya siya, patunay na naunawaan ng mga mag aaral ang maiksing kwento ayon sa resulta ng sarbey ngunit kung bagbabasehan ang bawat numero ng nakamit sa bawat disiplina o asignatura masasabi na mas higit pa ang nakuhang mataas na marka.

Base sa resulta ng pananliksik na ito,malaking porsyento ng mga mag aral ang naunawaan at naikawing ang maiksing kwento sa kanilang tunay na karanasan, patunay na ang kwento ay isang mabisa instrumento para para sa mabilis na pagkaunawa ng mga mag aaral.
Malaking salik na nakaka apekto ang edukasyon ng mga magulang sa akademikong kalagayan ng mga mag aaral,malaking sagabal din ang bilang o dami ng myembro ng pamilya, kung hindi maiiyos ang lahat ng mga bagay bagay, dagdagan pa ng kakulangan sa espasyo sa tahanan at kakulangan sa gadyets. Ang lahat ng mga bagay na nabanggit sa itaas ay salik na naka aapekto pagkatuto ng mga mag aaral.

Base sa resulta ng datus na ito, 40 % sa taga tugon ay naunawaan ang Performance task na may pamagat na "ANG Kwento ko Perpormans ng mga mga aaral ko" lubhang kasiya siya nilang nauanwaan ang binasa na may 97- 95 na bahagdan ng pagkaka unawa, sinundan ito ng 34.2% o kabuuang bilang na 26 na namumukod tangi na naunawaan nila ang boung estorya na may gradong 94-90 , pinangatluhan ng kasiya siya na may 13.2% o 10 at sinundan ng mas pinaliit na bahagdan ng medyo kasiya siya na may 89-85 na grado na may na may 9.2 % o 7 at pinaka maliit na bahagdan ang hindi nakamit ang nananais o 74 pababa. Ang pinag basehan sa bahaging ito ay tugon ng mga magulang, ngunit kung sisipatin natin ang resulta ng classifying grades sa ikalawang markahan.
May iba't ibang pamamaraan ng pagtatasa na malinaw na nakasaad sa "DepEd Order No. 31, s. 2020, the Interim Guidelines for Assessment and Grading in light of the Basic Education Learning Continuity Plan. Kung kaya dito sa pag aaral na ito ay napatunayan na ang "Tatay ko ang aking Ama na ikinawing sa lahat mga asignatura ay naunawaan at naikawing sa tunay na karanasan ng mga mag aaral.

Ang kapaligiran ay isa sa mga salik na nakaka apekto sa bata,kung pano sila ihubog ng kanilang mga pamilya, kung paano sila i disiplina at maging responsableng bata at mamayan pagdating ng panahon , ang pamilya ang pundasyon , na kung saan dapat matibay at matatag, nguit pano na kung ang mga lahat ng binanggit sa itaas ay hindi nangyari dahil iba ang prayoridad ng magulang, o dahil wala talagang sia pamimilian dahil kailangan mabuhay ng buong pamilya,sa datus na ito malaki ang porsyento ng mga magulang na nag ta trabaho kasabay ng responsibilidad sa tahanan na may 97.4% o 76 sa kabuuang bilang,at 88.5% naman sa nag ta trabaho na may 88.5% na may 69 kabuuang bilang, kasunod nito ay ang napalaking agwat na pagbaba ng antas ng datus sa pantay na porsyento sa online business at social media.

Bukod sa mga salik na nabanggit sa lahat na datus at bahagdan ng mga posibleng maka apekto sa mabilis na pagkatuto ng mga mag aaral maliban sa kapaligiran mayron sila at sa mga pinagkaka abalahan ng mga magulang, kung ilan sila sa pamilaya at kung anoa ang natapos ng kanilang mga magulang, y ating silipin ang mismong gawi o ugali ng bata sa kanyang pag aaral, at lumabas sa datus dito ay may 92.3 % o kabuuang bilang dito ay sila ay mahilig mag drawing, pinagalawahan ito ng bukod sa pag pinta ay mahilig din silang manood ng mga edukasyunal na palabas sa telebisyon 91% o kabuuang bilang 71, magandang gawi na kung saan sa araw araw ng kanilang panood, madani sila makukuhang kaalaman" multiliterate" ilan dito ay nag wika, matimatika, kultura, syensya at iba pang aspeto sa buhay ng bawat bata, sinundan ito bukd sa mga nabanggit sa taas ay may gawi din sila na magbasa, na may 83.3% na may kabuuang bilang na 65,na sa kanilang murang edad malaking bilang sa kanila ang kakikitaan ng " study habit" na magiging sandata nila para makuha ang pinaka mataas na antas ng karunungan hanggang sa kanilang paglaki,a muling sinundan ito ng bukod sa mga nabanggit ay sila ay tipikal na bat ana nakikipaglaro sa kanilang mga kapatid at kapit bahay na mayroong 60.3% o kabuuang bilang na 47 mula sa 78 na tagatugon, bukod dito makikita din sa datus na ang mga mag aaral ay tumutulong na din sa gawaing bahay, lalo na ang medyo malaking pamilya na may 42% o 32 sa kanila. Ilan sa kanila ay mahilig maglaro ng cellphone na may 23.1% o 18 sa kanila isa sa siguradong balakid sa kanilang pagkatuto, at pinaka maliit na bahagdan na mahilig mag tiktok at mag youtube na may 17.9% o 14 sa kanila, naiipakita sa datus na ito na napaka daming maaring humadlang para matutkan ng mga mag aaral ang kanilang mga modyuls.

Kung kaya bagaman karamihan sa 84 na mag aaral ay nakuuha ng grading kasiya siya,mas mahalagang paghandaan pa din ang mga salik na maaring maka apekto sa mabilis na pagkatuto ng mga mag aaral,

Ang metodolohiya at stratehiya ay magiging mabisa kung makukuha ng mga mag aaral ang inaasahang marka pagkatapos ng aralin.

Isa sa napatunayan ng saliksik na ito na mas madaling mauunawana ng mga mambasa kung ang kanilang binabasa ay naka base sa kanyang lebel,gamit ang lokalisasyon, kontekstwalisasyon at katutbong pamamaraan o indigenization.

Isa din sa dahilan ma maaring mas naunawaa ng mga mag aaral ang Gawain dahil ang maiksing kwento : Ang kwento ko performans ng mga mag aaral ko ay dahil ito ay nagging hulwaran sa halos lahat ng asignatura, iba iba lang ang atake at pamamaraan ng pag tatanong na naka base sa MELC.

Napaka halaga na ang anu mang Gawain ay naka linya o naka susuog sa "Most Essential Learning Compencies.

Mahalaga din isa alang alang ang DepEd Order No. 31, s. 2020, the Interim Guidelines for Assessment and Grading in light of the Basic Education Learning Continuity Plan na kung saan iti ang naging pamantayan sa pagkuha ng grado.

Ramdam na natin ang crisis sa karunungan sa ating bansa at bilang mga guro, alam natin na habang tumatagal ang panahon na hindi nakakabalik ang ating mga estudyante sa pormal metodolohiyang edukasyon , mas maraming negatibong epekto ang maaaring idulot nito sa kanilang mga sarili ngunit ito rin ang nagging dahilan kung bakit nag karoo ng ibat ibang pagsisiyasat at talagang tinutukan din ito ng ibant ibang mga ahensya maging probado o gobyerno.

Maraming mga inobasyon at inisyatibo na makakatulong kung paano ang departamento ng edukasyon sa gitan ng pandemya mag kakaron ng kalidad ng edukasyon, may inklusyon, sensitibo sa kasarian at kapaligirang kaaya aya sa para sa pag aaral at kalagayang emoyunal, sosyal ay saykological ng mga mag aaral maging ang empledo nito.

Napaka halaga na lahat ng salik ana maaring makapaagbigay sa mga mag aaral ng kapaligiran na puno ng kalaaman kasama ang maga guro o maging ang kani kanilang mga pamilya sa loob ng mga tahanan kung saan konportable at may kapayaan silang nag aaral.

Maganda ang impak ng ginawang pananaliksik ipinakita ng mga mag aaral na hindi hadlang ang modular na pasilitasyon sa klase upang maunawaan ng mga aralin.

Ipinakita din dito na maraming salik na nakaka apekto sa mabilis na pagkatuto ng mga mag aaral ngunit kung sila ay may pundasyon sa pag basa at pang unawa, hindi ito makakahadlanag sa patuloy na na pagtaas ng ng lebel ng pagkatuto ng mga mag aaral,

## PAGKILALA


Una sa lahat,salamat sa PANGINOONG LUMIKHA sa pagbibigay ng lakas, katalinuhan at determinasyon upang maisakatuparan ang pananaliksik na ito.

Ang mga mananaliksik ay nais din ipabatid ang taopusong pasasalamat sa s kay Ginoong Edward R.Manuel sa pagbibigay ng di matatawarang oras at panahon upang gumabay at magbigay ng tulong teknikal.

MAlaking pagtanaw din ng pasasalamat sa aking dating school Head Mam Elvira P. Villanueva sa lahat ng suporta na ipinagkaloob sa akin

Labis labis din ang pagpapasalamat sa aming kanyan kanyang mga pmilay , naging inspirasyon at lakas upang ipag patuloy ang karera sa larangan ng pananaliksik at upang mapalakas ang sariling kakayahan at mapalalawak pa ang kasananayan upang magamit at maibahagi din sa iba .

Ganun din nais na ipaabot ang labis labis na pasasalamat sa mga kapatid na nagbibigay ng suportang moral at di matatawarang pagmamalasakit at pag mamahal.

MArami ding salamat sa amga kaguruan ng Our Lady of Lourdes Elementary School na naging bahagi din ng panayam at saliksik na ito, maging sa mga magulang ng mga batang nasa ikalawang baitang

Salamat din sa mga batang naging instruemnto upang makapag limbang ng isang saliksik.

Ang lahat na pagsisikap ng mga mananaliksik ay inihahandog sa aming mga pamilya at mahal sa buhay at mga kaibigan na handang magbigay ng di matatawarang suporta.

Maraming salamat sa Division ng Binan City sa patuloy na pagbibigay ng pagkakataon na mapaunlad ang kakayahan bilang indibidwal at professional.


## SANGGUNIAN


"DepEd Order No. 31, s. 2020, the Interim Guidelines for Assessment and Grading in light of the Basic Education Learning Continuity Plan

Governance of Education act 2001

No CHILD LEFT BEHIND ACT 2001

*Bertillo (2011)*

Deslauriers et all, 2019,

(Hodges et al 2020), UNISCO n.d)